

In Love With A
Stranger

1

Ilang beses nang sinulyapan ni Trina ang lalaking nasa isang sulok ng bulwagan. Kanina pa niya napapansin na nakapako sa kanya ang mga mata nito.

“So, naglalambing ang mama mo at hinihiling na umuwi ka sa inyo sa Tarlac,” sabi ni Maila, ang kanyang kaibigan at kasamahan sa trabaho na kaharap niya sa mesa. Ang sinabi nito ang nagbalik sa pansin niya sa kanilang pinag-uusapan.

“Oo,” sagot ng dalaga habang pinadadaan ng isang daliri ang ibabaw ng wineglass na nasa kanyang harapan. “Although, I don’t consider that as ‘paglalambing.’ Isa iyong utos.

Umangat nang bahagya ang kilay nito. “I’m sure alam na ng mama mo na ayaw mong umuwi sa Tarlac. Bakit ka niya inuutusan na gawin ’yon?”

“Actually, hindi talaga sa kanya galing ang utos. Siya lang ang naatasan na magparating niyon sa akin since anak niya ako.”

“I see.” Tumangu-tango si Maila. Marami na rin itong alam sa personal niyang buhay. “Ang utos ay galing kay Don Gustavo Monasterial, the patriarch of

the Monasterial clan.” Sumimsim ito nang kaunti sa laman ng hawak na kopita. “Ano raw ang kailangan sa ’yo ng lolo mo?”

“Wala. Talaga lang na every other year ay nagpapatawag iyon ng family reunion. At lahat ng miyembro ng pamilya ay obligadong dumalo, kahit nasaan man siyang panig ng Pilipinas, lalo ’yung immediate family. Doon ako kabilang.”

“So, obligasyon mo rin ang dumalo.”

“Yes, but I’m having a second thoughts kung pupunta nga ba ako,” sagot ni Trina. “Dadalo siguro ako kung may maisasama akong lalaki.”

Sa halip na magulat ay bahagya pa itong natawa. “I understand. Isang lalaki na kokompleto sa iyong personalidad. Successful ka na in everything. Vice-president for finance ng *United Heritage Corporation*, isa sa pinakamatatag na kompanya ngayon. At twenty-six ay napatunayan mo nang kaya mong tumayo sa sarili mong mga paa and you don’t need your family’s wealth to live comfortably. Pero...”

“Pero bale-wala ang lahat ng iyan kung darating ako sa *Villa Monasterial* nang walang kasamang lalaki. Iisipin ng mga daratnan ko na wala akong kakayahan sa aspetong iyon. Na nagkakaroon lang

ng lalaki sa buhay ko kung pag-iinteresado ko ang isa na pag-aari na ni Suzette. At si Suzette, iisipin niya na interesado pa rin ako kay Stanley. Tiyak na hindi niya lang ako patatahimikin.”

“At dahil hindi ka naman padadaig sa kanya, maghahalo ang balat sa tinalupan sa harap ng buong n’yong pamilya,” dugtong nito.

“Iyon ang ayaw kong mangyari. Ayaw kong ako pa ang maging dahilan para masira ang okasyon at aalis ako roong lulugo-lugo habang inuusig ng buong pamilya. Ang gusto ko’y makakilos ako nang taas ang noo para maipakita ko sa kanila kung ano ang na-achieve ko sa loob ng dalawang taon kong pagdistansya sa kanila. Kaya gusto kong dumating doon nang kompleto. ’Yung sa tingin ng lahat ay wala nang mahihiling pa sa buhay. May magandang posisyon sa trabaho at isang nobyo.”

“Bakit hindi ka mag-invite ng isa sa mga manliligaw mo? I’m sure, kahit sino sa kanila hindi ka tatanggihan.”

Bahagyang napairap si Trina. Totoong may ilang suitors din siya, pero isa man sa mga iyon ay hindi papasa sa mga Monasterial lalo na sa kanyang lolo.

“Wala sa kanila ang qualified para tumuntong sa

compound ng mga Monasterial. Besides, hindi ako magsasama ng lalaking lalabas na mas menos kaysa kay Stanley Almazan na anak ng governor sa lugar na iyon.”

“Anu-ano ba ’yang mga qualifications na ’yan?”

“Kailangan galing siya sa mabuting pamilya, may matatag na kabuhayan, may pangalan, at siyempre, ’yung guwapo.” *Tulad ng lalaking nandoon sa sulok*, dugtong ni Trina sa isip saka binalingan ang puwesto ng lalaking panay ang titig sa kanya.

Oo, naiinis siya sa paraan ng pagtingin nito sa kanya pero hindi niya maikakaila na guwapo ito. Pero wala na ito sa dating kinapupuwestuhan, at may gumuhit na maliit na disappointment sa isip ng dalaga.

Hmph! Hindi lang iyon ang lalaking nakakahigit sa katangian ng fiancé ni Suzette, nasabi niya sa sarili.

Nagtigil ang pag-uusap ng magkaibigan nang lumapit sa mesa nila si Mrs. Nancy Jarabe, ang asawa ng systems engineer sa kompanya nila. Ito ang nag-organize ng party na iyon para sa anak na nagsi-celebrate ng seventeenth birthday.

“Kumusta kayo rito? Nag-e-enjoy ba kayo?” tanong nito.

“Opo,” halos magkapanabay na sagot ng dalawang dalaga.

“Masaya ang party n’yo, Mrs. Jarabe,” dugtong ni Maila. “Siguro’y masayang-masaya ang anak n’yong dalaga. Nasaan na nga pala siya? Hindi pa namin siya nababati.”

“Hayun.” Itinuro nito ang anak na nasa gitna ng bulwagan. “Mula nang magsayaw sila ng kanyang special guest ay halos ayaw na niyang umalis sa dance floor.”

Napaunat nang bahagya si Trina sa kanyang kinauupuan nang makita ang lalaking kasayaw ng birthday celebrant. Iyon mismo ang lalaking panay ang titig sa kanya kanina. Kaya pala ito nawala sa puwesto ay dahil nakipagsayaw sa may kaarawan.

“Guwapo ang boyfriend ng anak n’yo, ha,” komento pa muli ni Maila.

“Hindi niya ’yon boyfriend. Pero kung sakali, okay lang dahil bagay naman sila. Maganda yata ang aking dalaga,” may pagmamalaking sabi ni Mrs. Jarabe bago nagpaalam na aasikasuhin ang iba pang bisita. Hindi tuloy nakapagtanong si Trina kung sino ang lalaking iyon.

Ngayon, nakatuon ang paningin ng lalaki sa

kasayaw. At tila mas naging expressive ang mga mata nito gawa ng ngiting nakaguhit sa labi.

Tantya ni Trina ay malayo ang agwat ng edad ng dalawang magkasayaw. Pero kita niya sa mukha ng celebrant ang bakas ng paghanga sa lalaki. At mukhang ang lalaki ay ganoon din.

Walang anu-ano ay biglang lumipat ang tingin nito mula sa kasayaw papunta sa kanya.

Napakislot siya. Kanina lang ay siya ang nakakahuli rito na nakatitig sa kanya, ngayon ay ito na ang nakahuli sa lihim niyang pag-o-observe rito. Mabilis niyang inilayo rito ang tingin.

Hanggang sa matapos ang party na iyon ay sinikap ni Trina na huwag nang tapunan ni sulyap ang lalaki.

Isang linggo ang dumaan at sa dami ng hinarap na trabaho ay limot na ni Trina ang tungkol sa dinaluhang party. Ang pinoproblema niya ngayon ay ang nalalapit na reunion ng kanilang pamilya.

“May napili ka na bang lalaki na isasama mo sa inyo?” tanong ni Maila nang mapasukan siya sa kanyang opisina.

“Wala.” Bumubuntung-hiningang inilapag niya ang sulat ng ina sa ibabaw ng kanyang desk. “Tulad ng sinabi ko sa ’yo, hindi ako puwedeng humigit ng kung sinu-sino lang. Hindi na lang siguro ako pupunta tatal marami akong trabaho dito.”

“At iyon ang gagawin mong excuse para hindi mo makaharap sina Suzette at Stanley?”

Nagsalubong ang kanyang mga kilay. “Hindi ko po kailangan ng excuse para hindi sila makaharap.”

“Pero iyon tiyak ang iisipin ng mahal mong pinsan kung hindi ka darating.”

Nakasimangot man ay nagbaba si Trina ng tingin. Hindi nga personal na kilala ni Maila si Suzette pero sa dami ng naikuwento niya rito tungkol sa masamang tratuhan nila ng pinsang-buo ay tila kabisado na nito ang ugali niyon.

“Kung ako sa ’yo, uuwi na ako kahit walang kasamang lalaki,” suhestyon nito.

“Makulit ka, ’no!” Tiningnan niya ang kaibigan. “Ganoon pa rin ang suma niyon. Sasabihin ni Suzette na hindi ko pa rin nakakalimutan ang boyfriend niya kaya hanggang ngayon ay hindi ko magawang makipagrelasyon sa ibang lalaki.”

“Ah, ewan ko sa ’yo!” Napapailing na dinampot nito ang ilang file folders sa ibabaw ng kanyang mesa. “Kukunin ko na nga ito at nang maasikaso na. Bahala ka na sa problema mo.” Lumabas na ito.

Muli ay napabuntong-hininga si Trina. Pagkaraan ng ilang saglit ay minabuti niyang harapin na lang ang trabaho, tatal ay may apat na araw pa siya para pag-isipan ang tungkol sa reunion. Dadamputin na lang niya ang sign pen sa ibabaw ng kanyang mesa nang tumunog ang intercom.

“Ano ’yon, Sophie?” tanong niya sa kanyang sekretarya.

“Ma’am, nandito ho ’yung anak ng systems engineer natin. Itinatanong kung pwede raw kayong makausap kahit saglit lang.”

Bahagya siyang napakunot-noo. “Bakit daw?”

“Personal daw at masyadong importante.”

“Okay, send her in,” aniya saka nagkibit-balikat. Bakit gusto niyang kausapin ang dalagitang iyon?

“I’m Coralie Jarabe. Natatandaan mo pa ba ’ko?” Kimi ang ngiti sa labi ng babaeng pumasok. Naka-school uniform pa ito at kipkip ang dalawang

makakapal na libro.

“Siyempre naman. Dumalo ako sa birthday party mo, di ba? Sit down, please,” nakangiti ring ganti ni Trina. “What can I do for you?”

“Ah, pasensya ka na kung naabala kita, Miss Monasterial. Gusto ko sanang itanong sa ’yo kung... kung papayag kang mag-model.”

Napaatras siya nang bahagya. “Mag-model?”

“Yes. Nakita ka kasi ng teacher kong pintor noong birthday ko. Nagandahan siya sa iyo at gusto ka niyang ipinta.”

“Ako?” Tila ibig niyang matawa habang itinuturo ang sarili.

“Yes. Ano’ng masasabi mo?” Bakas ang anticipation sa mga mata ni Coralie na para bang umaasa ito sa kanyang pagsang-ayon.

Napailing si Trina nang bahagya. May problema na nga siya sa reunion ng kanilang pamilya ay parang ibig pang dumagdag ng babaeng ito.

“Please, pumayag ka na. Sikat namang pintor ’yon at mayaman pa. Kaya hindi masasayang ang oras mo sa pagpo-pose sa kanya dahil siya pa ang magbabayad sa ’yo. Ang s’abi nga niya, handa raw

siyang ibigay kahit na ano maipinta lang ang isang tulad mo.”

Napataas nang kaunti ang kilay niya.

Teacher daw niya ang pintor na iyon. Siguro ang pagkausap niya sa akin ay may kapalit na mataas na grade, naisip niya. “Uhm... hindi kaya dapat ay ang pintor na iyon mismo ang kumausap sa akin? Hindi ka naman siguro niya agent.”

“Gusto nga niya. Pero sabi ng daddy ko lagi ka raw busy kaya baka hindi mo siya mabigyan ng oras.”

“Hayaan mong siya ang kumausap sa ’kin. Tatal, siya ang may gustong ipinta ako, di ba?”

“Payag kang kausapin siya? Kung ganoon papupuntahin ko siya rito sa office mo.”

“No, huwag dito. Hindi ako nakikipag-usap sa opisina ng ito ng ibang negosyo na walang kinalaman sa *United Heritage*. Sabihin mong puwede niya akong makausap sa bahay ko.” Kumuha siya ng maliit na papel at isinulat doon ang address ng condo niya. “Every Sunday lang ako puwedeng makausap diyan.”

Kumislap sa tuwa ang mga mata ng babae. “Thank you, ha? Ang bait mo pala. Tiyak na matutuwa siya nito at pasasalamatan niya ako.”

Napaangat na naman ang isang kilay ni Trina. Talaga ngang may hinihita na kapalit ang babae sa pabor na ginawa para sa pintor na iyon. Malas lang at balak niyang tumangging mag-pose kapag ang lalaki na mismo ang kausap niya.

“Aalis na ’ko. Pasensya ka na ulit at naabala ko ang oras mo,” paalam ng dalagita.

Sumagot siya ng tango. Palabas na ito nang bigla niyang naalala. “By the way, what is the name of the painter?”

“Ryan,” sagot ni Coralie. “Ryan Montiel.”

2

Pawisan na si Trina. Kasalukuyan niyang isinasagawa ang kanyang Sunday morning workout sa veranda ng condo nang puntahan siya ng maid niyang si Ruby.

“Ma’am, may naghahanap na lalaki sa ’yo. Pintor daw siya.”

Tumigil siya sa ginagawa. Tiyak niyang iyon iyong nabanggit sa kanya ni Coralie.

“Nasaan na?”

“Nandoon pa sa labas. Hindi ko muna pinatuloy hangga’t hindi mo sinasabi.”

“Sige, patuluyin mo. Susunod na ’ko,” aniya saka dinampot ang towel.

Tatalikod na sana si Ruby nang may napansin. “Hindi ka ba muna magbibihis, Ma’am?”

“Bakit?”

“Kasi medyo... pawisan ka at magulo ang buhok mo. Baka ’ika ko gusto mong magpaganda muna bago humarap sa bisita.”

“Hindi na,” sagot ni Trina na pinunasan ng

tuwalya ang pawisang mukha at braso. Mabuti pa nga na maging pangit ang tingin sa kanya ng pintor para kapag tinanggihan niya ang iaalok nito ay hindi na ito magpumilit pa.

“Sige, ikaw rin,” nakalabing sabi ng maid. “Baka magsisi ka,” anito at iniwan na siya.

Bakit naman ako magsisisi? Nakataas ang kilay na tanong ng dalaga sa sarili.

At para lalong ipakita sa pintor na hindi siya karapat-dapat na maging subject nito ay inalis niya ang tali sa buhok at hinayaan iyong lumadlad nang magulo at tumatabing pa sa kanyang mukha.

Iisipin niyang maganda lang pala ako kapag naka-makeup, natatawa pang naisaloob-loob niya bago lumabas papunta sa sala.

Mahaba ang buhok, hindi masyadong ismarteng manamit at weird. Iyon ang inaasahan ni Trina na makikita sa pintor na bisita. Sa pagkakaalam kasi niya ay ganoon ang personalidad ng mga artists.

Pero isa lang sa mga hula niya ang tumama. Ang lalaking nakita niya sa sala ay medyo mahaba nga ang buhok pero maayos iyong nakatali sa batok nito.

At kahit nakatalikod pa, wala siyang duda na maayos ang pananamit nito. matangkad ito at maganda ang tindig.

“Good morning. I’m Trina Monasterial. What can I do for you?” aniya kasabay ng pagpunas ng hawak na towel sa pawisan pa ring leeg.

Habang ginagawa iyon ay humarap ang lalaki. Gayun na lang ang pagkabigla niya nang makita ang mukha nito. Halos mapaatras siya at muntik pang masagi ang flower vase na nasa ibabaw ng side table sa malapit. Ito iyong lalaki sa birthday party! Ang lalaking nagpakasawa sa pagtitig sa kanya.

“I-ikaw si ...”

“Ryan Montiel,” pagtutuloy nito nang mapansin ang pagkabigla sa mukha ng dalaga. “Good morning din sa ’yo, Miss Monasterial.”

Napalunok siya. Nakangiti ang kaharap. At ngayong malapit ito sa kanya ay hindi niya magawang di pansinin ang expressive nitong mga mata.

Nakaramdam siya ng hiya. Magulo ang kanyang hitsura at pawisan pa. Samantalang ang lalaki ay maayos, malinis, mukhang mabango at... napakaguwapo!

“Ngayon ay hindi na ’ko nagtataka kung bakit ka maganda. Walang dudang inaalagaan mo ang sarili mo,” komento nito na saglit siyang hinagod ng tingin.

Na-concious si Trina. Kung hindi ba naman kasi siya timang na lumabas doon nang suot pa ang leotard niyang pang-workout. Kahit siguro sino pa ang makakita sa kanya ay hahagurin siya ng tingin. Pero hindi na siya magtatangkang mag-ayos at baka isipin pa ng estranghero na apektado siya sa kaguwapuhan nito.

“You may sit down, Mr. Montiel,” alok niyang inilahad ang kamay pagawi sa isang sofa, kasunod ay naupo rin siya. Lumabas si Ruby na dala ang dalawang baso ng juice. “So, isa ka palang pintor at art professor,” aniya pagkaalis ng maid.

“Professor?” Umiling ito. “No. Isa akong pintor pero hindi art professor.”

“Really? Pero ang sabi ni Coralie, teacher ka raw niya.”

Ngumiti muli ang lalaki. “Actually, nagkakilala lang kami sa isang art exhibit last month. Siguro teacher na ang tingin niya sa akin dahil tinuturuan ko siya ng ilang mga bagay tungkol sa pagpipinta. Pero hindi ko itinuturing na ganoon ang sarili ko dahil

hindi naman ako nagpapabayad sa kanya.”

Siguro ay crush ni Coralie ang pintor at gusto nitong makaipon ng ganda points para ma-impress ang lalaki, naisip ni Trina.

“Huwag mo sanang isipin na ginamit ko si Coralie para makalapit sa 'yo. Nang makita kita sa party niya, nagtanong ako sa kanya ng ilang information tungkol sa iyo. Pero hindi ko hiniling sa kanya na kausapin ka. Balak ko nang ako mismo ang kakausap sa 'yo dahil gusto kong sabihin sa 'yo nang personal na gusto kitang ipinta.”

Hinapulus-haplos niya ang tagiliran ng sariling leeg. Dapattalaga niyang tanggihan nang derechahan ang pintor pero hindi niya maintindihan kung bakit pakiramdam niya ay mahirap gawin iyon.

“Uhm... why me, Mr. Montiel? I mean...”

“Because you're beautiful.”

Inilayo niya ang tingin dito. Conscious na naman siya sa pagkakatingin nito, pero ayaw niyang mag-isip na para siyang hinuhubaran nito. Pormal kasi ang lalaki at hindi mukhang bastos.

“Thanks for the compliment pero... hindi lang naman ako ang magandang babae. Coralie Jarabe is

also beautiful, don't you think so?"

"Yes. But she's too young. Mas gusto kong ipinipinta ang mga masasabing ganap nang babae. Besides, I think you are special."

"Special? Ano naman ang special sa akin?"

"I don't know." Nagkibit ito ng balikat. "It's something that I cannot express in words, but I know maipapakita ko 'yon sa canvas."

Bahagyang napangiti si Trina. Matamis itong magsalita na animo nanliligaw sa isang babae.

"Ang totoo, mayroon naman akong assistant na puwedeng kumausap sa 'yo tungkol sa mga bagay na ito. Pero ayaw ko itong ipagkatiwala sa iba. Ang gusto ko, ako mismo ang makarinig kung papayag kang ipinta kita o kung tatanggihan mo 'ko."

"So, iniisip mo rin pala na tatanggi ako."

"Oo." Sumandal ito sa backrest ng kinauupuang sofa. "Pero sana huwag mong gawin. Alam ko na bilang executive ng isang malaking kompanya ay abala ka lagi. Pero hindi ka mag-aaksaya ng panahon sa 'kin dahil babayaran ko ang oras mo."

"Hindi ba nagbago ang isip mo ngayong nakita mong ang subject na gusto mo'y hindi pala maganda

kapag walang makeup at hindi nakaayos?”

“Sino naman ang may sabing hindi ka maganda kapag hindi nakaayos?” Tumawa ang lalaki nang mahina. “Ang tunay na ganda ng isang babae ay hindi nakikita kapag nakaayos lang. Sa tulad mo, kahit marungis ka pa, may putik o bahid ng uling sa mukha, lalabas pa rin ang likas mong ganda. There’s something in your eyes na naglalabas n’on kahit na tangkain mo pang itago.”

And there’s something in your eyes also na siyang pumipigil sa ’kin para tanggihan ka, aniya sa isip. Mabilis niyang ipinilig ang ulo. Hindi na siya bata para madala sa kaguwapuhan at matamis na pananalita ng isang lalaki. “In case pumayag ako na mapinta mo, gaano naman magtatagal iyon?”

“Kapag pareho tayong laging in the mood at walang magiging problema, mga ilang araw lang at tapos na iyon. Two hours lang ’yon per session kaya hindi ko kakainin ang buong araw mo.”

“At paano mo naman akong ipipinta?”

“Kukuha ako ng magandang anggulo. ’Yung maipapakita natin nang husto ang ganda ng mukha at katawan mo.”

Medyo napakunot-noo si Trina. “My body? What

do you mean?”

“Hindi ba nasabi sa ’yo ni Coralie?”

“What? Ano ba’ng hindi niya nasabi?”

Inabot ng lalaki ang baso ng juice, uminom nang kaunti at pagkatapos ay sumandal muli sa backrest ng sofa. Ipinatong nito ang siko sa armrest at itinukod ang likod ng ilang daliri sa pisngi bago sumagot, “I want to paint you... nude.”

Buong maghapon na nakasimangot si Trina. Ginawa na niya ang lahat—nagbasa siya, nanood ng pelikulang comedy, nakinig ng music, kumain. Iyon ay para makalimutan niya ang pagbisita sa kanya ng pintor na si Ryan Montiel. Pero hindi naalis ng lahat ng iyon ang pagkainis niya.

Estupidong iyon! Ano’ng akala niya? Magpo-pose ako nang hubo’t hubad sa harap niya? ismid ng dalaga. Akala pa naman niya ay pormal at disente ang lalaki. Iyon pala ay gusto lang siya nitong makita nang hubad. Never kong gagawin ’yon, ’no! Kahit siya pa ang pinakasikat, pinakamagaling at pinakaguwapong pintor sa buong mundo!

“Hindi ka dapat mag-isip nang masama. Isa akong

artist at walang mali-malisya sa arts,” katuwiran nito nang sabihin ni Trina na hindi niya kailanman ibibilad ang katawan sa mga mata ng kung sinuman. “And besides, babayaran kita ng—”

“I don’t need your money, Mr. Montiel. I already have lots of it,” nakairap na gagad niya.

Kung tanging gusto nito ay mapinta siya gaya ng sinasabi nito, puwede naman siyang mag-pose nang nakadamit.

Bigong umalis ang pintor sa kanyang condo unit. At medyo hindi pa maganda ang kanilang paghihiwalay dahil nang sabihan niya itong umalis na ay hindi itinago ni Trina ang pagkainis sa gusto nitong mangyari. Wala siyang pakialam kahit isipin pa ng lalaki na siya ang malisyosa at marumi ang pag-iisip.

Nakasimangot pa rin siya nang tumunog ang telepono sa sala. Nakita niyang lumabas doon si Ruby, pero sinenyasan niya itong siya na ang sasagot kaya bumalik ang babae sa kusina.

“Hello?” bugnot pa rin ang boses na sabi niya sa phone.

“Ako ito, Trina.”

Bumagsak ang kanyang mga balikat at lihim na bumuntong-hininga. Ang nasa kabilang linya ay si Stella Castro Monasterial, ang kanyang ina. “Ikaw pala, Ma. I’m happy to hear your voice.”

“Me, too, hija. Pero tumawag lang ako para ipaalala sa ’yo na kailangang narito ka na on Wednesday. Iyon ang start ng week-long reunion ng pamilya natin at hindi maganda kung hindi ka darating sa unang araw pa lang.”

“Mama, marami akong trabahong kailangang asikasuhin.”

“Kung ganoon, personal mo ’yang sabihin sa lolo mo. Pupuntahan ko siya sa kuwarto niya at ibibigay ko sa kanya ang telepono.”

Napapikit saglit si Trina. “Hindi mo na kailangang gawin ’yan, Mama. Hindi ko naman sinabing hindi ako darating. Baka mahuli lang ako. Maybe sa weekend na ’ko uuwi d’yan.”

“Trina, magdadalawang taon ka nang hindi umuuwi rito. Noong isang taon, naiintindihan kita kapag sinasabi mong ayaw mo pa munang tumuntong muli sa *Villa Monasterial*. Pero hanggang ngayon ba, hindi mo pa rin kayang humarap kina Suzette at Stanley?”

Sinasabi ko na nga ba, sa loob-loob ng dalaga.
“Nagkakamali kayo, Mama. Bale-wala na sa ’kin ang nangyaring iyon, matagal na.”

“Eh, ano’t parang ayaw mo pa ring umuwi rito?”

“I told you, marami akong trabaho.”

“You listen here, Trina. Kahit sampid lang ako sa pamilya ng Monasterial ay hindi ako lumalayo rito. Ang dahilan ay ang karapatan at parte ng papa mo sa lahat ng narito. Pinoproteksyunan ko ang mga iyon; tulungan mo naman sana ako. Huwag kang gumawa ng mga bagay na ikawawala ng amor ng lolo mo. Minsan ka nang nakapagbigay ng problema’t kontrobersya sa ating pamilya at hindi mo pa iyon nababawi. Ito na ang pagkakataon mo, huwag mo sanang sayangin pati ang efforts ko.”

Naiintindihan ni Trina nang buo ang sinasabi ng ina. Sa limang anak ni Don Gustavo ay ang papa niya na siyang pangatlo ang sinawing-palad na naunang namatay. Makatarungan naman ang lahat sa kanilang pamilya kaya ang parte ng kanyang papa sa ari-arian ng mga Monasterial ay tiyak na mapapasakanila. Pero puwede silang madehado, lalo na kung ikakagalit sa kanila ang patriarch ng pamiya.

Kung sa kanya lang ay hindi iyon importante.

Kaya niyang buhayin nang maayos ang sarili sa pamamagitan ng pagsisikap. Pero hindi hahayaan ng mama niya na madehado sila. Malaki rin naman kasi ang nagawa ng kanyang ama sa higit pang pag-unlad ng kabuhayan ng buong pamilya.

“Kung sa simpleng reunion na ito ay hindi ka pupunta, baka isipin ng lolo mo na walang halaga sa 'yo ang pamilya at idinamay mo ang lahat sa problema n'yo ni Suzette. Kung ganoon ano pa ang halaga ng pananatili ko rito sa villa?” Desperada na ang boses ni Stella sa kabilang linya.

“Ma, calm down, okay? Darating ako.”

“On Wednesday,” giit nito.

“Alright, on Wednesday,” paniniyak ni Trina.

“Good. Thank you,” anito na tila nakahinga nang maluwag.

Ilang sandali pa ay tapos na ang pag-uusap ng mag-ina. Ano ngayon ang gagawin niya?

Isang lalaki talaga ang kailangan ko, sa loob-loob ng dalaga. Isang lalaki na magsisilbing shield ko sa pag-atake ni Suzette. Pero sino?

3

Nang sumunod na araw ay inayos na ni Trina ang lahat ng trabahong dapat niyang tapusin sa opisina. Nakakuha na rin siya ng one week leave. Ang natira niyang problema at kung sino ang lalaking isasama niya sa reunion.

Wala. Wala sa mga ito ang puwede, sa loob-loob niya habang hawak ang papel na pinagsulatan niya ng pangalan ng mga kakilala niyang lalaki. At wala isa man sa mga ito ang gusto ko.

Isinandal niya ang likod sa swivel chair saka nag-isip. May isa pang lalaki na hindi niya isinama sa listahan, Si Ryan. Ito sana ang pasado sa hitsura at sa dating. Hindi nga lang siya sigurado pagdating sa kabuhatan.

Hindi ko dapat isiping may mapapakinabang ako sa taong iyon, aniya sa isip. Tinanggihan pa man din niya ang alok nitong maipinta siya.

Nilaru-laro niya ang fountain pen sa kanyang mga daliri. Mayamaya ay isang idea ang pumasok sa kanyang isip.

Ano kaya kung pumayag akong maipinta niya at

sa halip na magpabayad ako, ang hingin kong kapalit ay ang sumama siya sa akin at umaktong....

Inihagis ni Trina ang ballpen sa ibabaw ng mesa. Hindi na yata tama ang tumatakbo sa kanyang isip. Dahil lang ba sa kagustuhan niya na huwag maging menos sa paningin ng mga kapamilya, lalo na ni Suzette at papayag na siyang magbilad ng katawan sa isang estranghero?

Pero kung pagbabatayan ang sinabi ni Ryan na walang malisya sa arts, wala siguro siyang dapat ikahiya mag-pose man siya nang hubad dito.

Umiling-iling ang dalaga. Ubra naman kaya ang kabuhayan nito? Oo, mayroon itong pangalan bilang isang pintor, pero higit kaya ang kayamanan nito kaysa kay Stanley?

Hindi niya puwedeng sabihin na mayaman ito kahit hindi dahil maraming kakilalang mayayamang tao ang kanyang lolo. Baka mabisto lang si Trina kung pati estado ng buhay ng lalaking isasama niya ay kanyang ipagsisinungaling. at mas masama ang magiging bunga niyon kapag nagkataon.

Kailangang malaman ko muna kung gaano siya kayaman, sa loob-loob niya saka akmang pipindutin sana ang intercom. Makikipag-usap kaya sa kanya

nang maayos si Ryan pagkatapos ng inasal niya rito noong ito ang pumunta sa kanyang bahay? *Ah, bahala na!*

Itinuloy ng babae ang pagpindot sa intercom. “Sophie, pakitawag ang ating systems engineer.”

Sa labas pa lang ng malaking mansyon ay napapataas na ang kilay ni Trina. At nang makapasok na siya sa loob ay napahanga siya. Napakaalwan at napakarangya niyon, sa sala pa lamang. Antigo ang karamihan sa mga gamit at maraming artworks na masasabing priceless. Walang duda na isang mahusay na artist ang nakatira roon.

“Ayaw ko sanang maniwala sa maid kong nagsabi na ikaw ang naghahanap sa ‘kin,” bungad ng lalaki mula sa kanyang gawing likuran.

Nagtaas-noo si Trina at pilit na pinalis ang pag-aalangan. Humarap siya at magsasalita na sana pero walang boses na lumabas sa umawang niyang bibig nang makita niya ang ayos ng lalaki. Dahil nasa bahay lang ay nakaladlad ang buhok nito, hindi maayos ang pagkakasuklay pero iyon ang dumagdag sa lakas ng appeal nito.

Kompleto naman sa damit; nakapantalon

ng maong pero ang long-sleeved polo nito ay nakasarado sa gawing sikmura lamang. Kaya hantad sa kanyang paningin ang maskulado nitong dibdib na naaadornohan ng pinong balahibo.

Sa kabuuan, si Ryan ang karapat-dapat na i-consider na larawan ng pisikal na kaanyuan ng isang tunay na lalaki.

“Sigurado akong may kailangan ka, Miss Monasterial,” untag nito na siyang nagpagising sa diwa ng dalaga. “What is it?”

“Uhm... I... I’m here to apologize sa... sa naging asal ko the last time we saw each other,” sagot ni Trina. “Ang totoo, nabigla lang ako sa sinabi mong gusto mo akong ipinta nang... nude.”

“I understand. Naisip ko na ’yon base sa naging reaction mo. By the way, sit down, please.” Gumawi ito sa mini-bar sa isang sulok. “Would you like something to drink?”

“Sure, thank you.”

Nagsalin ng alak sa dalawang wineglass ang lalaki saka iniabot sa kanya ang isa. Nagpasalamat muli siya habang nauupo ito sa sofa di-kalayuan sa inuupuan niya.

“Paano mong nalaman ang address ng bahay ko?” tanong ng kausap.

“Itinanong ko sa systems engineer namin. Kinailangan pa niyang hanapin ang anak niya para lang makuha ang direction nitong bahay mo.”

“I see. So you’re here to apologize.” Lumagok ito nang kaunti sa laman ng hawak na baso. “Kalimutan mo na ’yon. Nanghihinayang ako na hindi ko maipipinta ang isang magandang subject pero hindi ako namimilit.”

“Actually, naparito rin ako para sana sabihin sa ’yo na... puwede akong pumayag sa gusto mo.”

“Really? Bakit may ‘puwede’? Does that mean na hindi ka pa rin sigurado kung papayag ka?”

“Well, ganoon na nga. May gusto kasi akong malaman.”

“Ano ’yon?”

“Magkano ang kaya mong ibayad sa akin?”

Bahagyang nagsalubong ang mga kilay ng lalaki. “Are you in need of money? Hindi yata kapanipaniwala iyon sa isang executive na tulad mo.”

“I’m not in need of money. Masama bang malaman

ko kung magkano ang ibabayad mo sa akin?”

“Hindi naman. Ang totoo niyan, balak kong ikaw ang magpresyo. Sana lang ’yung reasonable para madali tayong magkakasundo.”

Malabo ang sagot na iyon kaya kinailangan na niya ang maging derecho. “Gaano ka ba kayaman?”

Nagtataka man ay sinagot nito ang tanong na iyon. “Hindi naman masyado. Mayroon lang akong ilang properties na minana ko sa mga parents kong pareho nang wala.”

“Anu-anong properties?”

“Resthouses sa Baguio at sa Davao, isang yate, ang mansion na ito at ang *Polyresins Company* na mina-manage ng tita ko na pinagkakatiwalaan ko.”

“Kung mayroon ka na ng mga iyon, bakit kailangang magpinta ka pa?”

“Iyon ang passion ko mula pa pagkabata. Doon ako nakabuo ng sarili kong pangalan, ng property na hindi ko namana kundi nakuha ko sa sarili kong pagsisikap.”

“At anong property ’yon?”

“Art galleries ko sa ilang malls sa Metro Manila.

Ang mga lugar kung saan ko karaniwang ginagawa ang art exhibits ko.”

Hindi kaya siya basta-basta. Siya ang karapat-dapat kong iharap sa buong pamilya namin.

Nagtaas si Trina ng ulo sa sumunod na naisip. Kung ito ang lalaking makakasama niya sa pag-uwi, tiyak na hindi maisip ni Suzette na may interes pa siya sa boyfriend nito.

“Ah, may asawa ka na ba?” naisip niyang itanong.

“Girlfriend?”

“None. Wala akong commitment sa kahit na kanino.” Ngumiti ito at bumago ng upo. “Where are all these questions leading to, Miss Monasterial?”

Lumagok ng alak sa hawak na wineglass si Trina bilang pagpapalakas ng loob. “Dederechahin na kita, Mr. Montiel. I need you. I mean, I need your help.”

“What do you mean?”

“Kailangan kong umuwi sa aming probinsya nang may kasamang lalaki. And I think you’re the perfect man na puwede kong ipakilala sa buo kong pamilya.”

“Bilang... boyfriend mo. Am I right?”

Napaarko ang isa niyang kilay. hindi man lang

nagulat ang lalaki sa kanyang sinabi. “Paano mong nalaman na ganoon ang gusto kong mangyari?”

“Nangyayari ang ganoong bagay sa mga pelikula, sa mga istorya sa libro. Hindi na iyon bago.” Tumayo ang lalaki at tinungo muli ang mini-bar para salinan ang wineglass na naubusan na ng laman. Inalok muli siya nito pero tumanggi na siya. “Naiintindihan ko na,” sabi nito na bumalik sa sofa. “Iyon ang gusto mong kapalit ng pagpayag mong maipinta kita nang nude, tama ba?”

“Yes, you’re right. Iyon ay kung papayag ka lang. Pero kung hindi naman ganoon kahalaga sa ’yo ang maipinta ako, well, wala akong magagawa.”

Ilang sandaling katahimikan ang dumaan habang anyong nag –iisip si Ryan. Mayamaya ay seryoso itong tumingin sa kanya. “Ilang araw mo naman ako ipaparada sa harap ng pamilya mo?”

Nabuhayan siya ng loob. “One week.”

“Sa loob ng one week, kakailanganin ko bang tumira sa bahay n’yo?”

“Yes. We have a week-long family reunion. At habang naroon ako sa aming villa, kailangang naroon ka rin.”

“Bakit ba? Para saan?”

“Malalaman mo rin. Kung papayag ka.”

“Sa madaling salita, mauuna ang bayad bago kita maipinta.”

“Wala kang dapat na alalahanin dahil tutupad ako sa magiging kasunduan kung sakali.”

“Hindi ako nagdududa riyan.” Tumayo ito at nagpunta sa likuran ng sofa. “Kailan tayo uuwi sa inyo?”

Namilog ang mga mata ni Trina. “Ang ibig sabihin... pumapayag ka na?”

“Yes. Hindi mo ba nakikita kung gaano kasidhi ang pagnanasa kong maipinta ka?”

Baka naman ang makita akong nakahubad ang ibig mong sabihin? sa loob-loob niya. Hindi na nga lang iyon isinatinig ng dalaga dahil baka magkaaberya pa. Pasalamat nga siya at hindi siya masyadong nahirapang kumbinsihin ang lalaki.

Ang sumunod na mga sandali ay ginugol nila sa pag-uusap tungkol sa mga kondisyon ng pagbibigayan nila ng pabor.

In Love With A
Drifter

PROLOGUE

Nakatiim ang mga bagang ni Ethan nang pumasok sa study ng malaking bahay na iyon. Nagsisilbing opisina iyon ng kanyang amang si Arturo Soler.

Wala pa ring ipinagbago. Tila hindi lumipas ang panahon sa lugar na iyon. Para pa rin siyang nasasakal kapag naroroon, animo nahihirapang huminga.

Hindi siya makakatagal sa mansyon; at kung siya ang masusunod ay kanina pa siya umalis. Ayaw rin niyang bumalik sa lugar na hindi niya itinuring na tahanan mula nang pumanaw ang kanyang ina sampung taon na ang nakakaraan. Pero sa pagkamatay ng kanyang kapatid na si Aldwin sa isang aksidente ay kailangan niyang bumalik.

Kahit pa hindi niya naabutan ang libing nito.

Aldwin.... Napuno ng guilt ang kanyang dibdib para sa yumaong kapatid. It was his deepest regret na hindi siya nakabuo ng magandang relasyon dito mula nang umalis siya.

Magkaibang-magkaiba sila. Aldwin was the perfect son, he was the black sheep. Kahit noon ay hindi sila magkasundo ng kanyang ama. Masyadong

itong demanding; nais siyang pasunurin sa lahat ng gusto nito.

Na ayaw niyang gawin. Nagkaroon ng animosidad sa pagitan nilang mag-ama, at sa bandang huli ay ipinasya niyang umalis sa malaking bahay nang wala na ang kanilang ina. Naging lagalag si Ethan, namuhay ayon sa sarili niyang kagustuhan at pamantayan.

Ni hindi niya ginamit ang apelyidong Soler kundi ang apelyido ng kanyang ina; Ramirez.

Aldwin stayed in the family home. Sa pag-alis niya, ito ang namahala nang magretiro na ang kanilang ama. Sinunod nito ang lahat ng nais ni Arturo at tinamasa ang materyal na kasaganahang dulot ng mga negosyong itinayo ng kanilang ama sa bahaging iyon ng Northern Luzon.

Kung tutuusin, si Ethan na dapat ang kasunod na mamamahala ng lahat ng iyon. Pero alam niyang hindi iyon mangyayari. Ayaw rin naman niya iyon. At lalong ayaw ni Arturo.

Napasulyap ang binata sa kanyang relo. It would be a long drive pabalik sa Manila, kasama ng isang overnight na stop-over dahil motorsiklo lang ang ginamit niya papunta roon. Sa puntong iyon ay

bumukas ang pinto ng study at iniluwa si Marilyn, ang biyuda ng kanyang kapatid, at si Arturo.

Naningkit kaagad ang mga mata ni Ethan pagkakita sa huli. Mukhang tumanda nang husto si Arturo; tila nahukot. Puti na ang lahat ng buhok nito, pero naroroon ang balasik sa mga mata; ang condemnation, ang kawalan ng pagsang-ayon sa kanyang pagbabalik.

Lumipat ang tingin niya kay Marilyn. Kitangkita pa rin sa anyo nito ang pagdadalamhati. Napakabata nitong nabiyuda. Wala pang treinta años ito, samantalang treinta y dos naman ang kanyang kapatid.

“Hindi ko akalaing makikita kita rito...” malamig na turan ni Arturo.

“At hindi ako pupunta rito kung walang mabigat na dahilan,” katuwiran ni Ethan.

“At siguradong kung ako ang naiburol, hindi ka mag-aabalang pumunta, hindi ba?”

Nagkibit-balikat siya. “Ikaw na rin ang nasabi niyan.”

Sumiklab ang apoy sa mga mata ng kausap. “Suwail ka pa rin hanggang ngayon.”

“Please!” pakiusap ni Marilyn bago pa niya masagot ang ama. “Huwag na kayong mag-away. Kahit man lang alang-alang kay Aldwin...”

Napailing siya. “Pasensya ka na, Marilyn. I’m sorry.”

“N-nagpapasalamat ako na nakarating ka, Kuya Ethan,” anito sa basag na tinig. “K-kung naibalita lang sana namin sana ’yo nang mas maaga—”

“Hah!” asik ni Arturo. “Naghihingalo sa ospital ang kapatid mo at hindi malaman kung saang lupalop ka hahagilapin!”

Itinikom na lamang ni Ethan ang bibig upang hindi masagot ang ama saka muling bumaling kay Marilyn. “Hindi na rin ako magtatagal...”

Nakakaunawang tumango ito. “Alam ko. Pero may kailangan lang akong ibigay sa iyo...” Hinawakan siya nito sa braso at inilayo papunta sa isang sulok na hindi gaanong kita ni Arturo. “M-may iniwan sa ’yo si Aldwin, Kuya...”

Nanubig ang mga mata ng kaharap, pero dali-dali itong yumukod at pinahid iyon bago muling tumingin sa kanya. Binuksan nito ang dalang bag at inilabas doon ang isang brown envelope saka iniabot sa kanya.

“B-bago siya malagutan ang hininga ay ibinilin niya sa akin na kunin ko ’to sa kanyang kaha at ibigay sa iyo.” Huminga nang malalim ang hipag. “H-hindi ko alam kung ano ang laman niyan, pero sigurado akong mahalaga para sa kanya... at sa iyo.”

Napatingin siya sa hawak na sobre. May company logo iyon sa bandang kaliwa sa itaas. At sa ilalim ng logo ay malinaw na na-print ang *Aldwin Soler, President.*

“B-baka mga bagay ’yan na matagal niyang dinala sa dibdib niya, Kuya Ethan...” patuloy ni Marilyn. “Mga lihim na kahit sa akin ay hindi niya magawang sabihin. Pero batid niya na karapatan mong malaman...”

Kumunot ang noo niya, pero nanatiling tikom ang bibig. Nang akmang bubuksan niya ang sobre ay inawat siya ng babae.

“Huwag dito, Kuya. Kapag nag-iisa ka na lamang saka mo buksan ’yan...”

Puzzled na napatingin siya rito. Mayamaya ay tumango siya. “Sige, Marilyn,” sang-ayon ng binata. “Tutuloy na ako. Hanggang sa muli.”

May pagdamay na niyakap niya ang hipag saka kumalas na rito. Nakakalungkot na wala man lang

naiwan na anak ang kanyang kapatid. Si Marilyn na ang magiging tagapamahala ng kompanya bilang kapalit ng nasira niyang kapatid.

Sinulyapan niya si Arturo na nang mga sandaling iyon ay nakaupo na sa malaking leather chair sa likod ng mahogany desk nito. Mainit pa rin ang tingin ng ama sa kanya, puno ng animosidad. Napabuntong-hininga lamang siya.

Mula noong maliit si Ethan ay hindi na siya nakadama ng pagmamahal mula rito. Kung hindi dahil sa kanyang ina, baka mas napaaga pa ang pag-alis niya noon.

Lumabas na siya sa study, tinawid ang marangyang living room, lumabas ng pinto at tinungo ang naghihintay niyang motorsiklo. Kahit nasa kondisyon ay naluma na ang hitsura niyon dahil sa dalas niya sa construction sites.

He drove away. Pero nang makalayo nang kaunti mula sa gate ng mansion ay huminto siya saka napahawak nang mahigpit sa manibela ng motor. Kahit paano ay may kasalanan din siya. He drifted away; too much. At halos hindi niya namalayan na talagang naputol na ang komunikasyon niya sa kapatid sa nakalipas na mga taon.

He lived the solitary life of a drifter; kung saan-saan napapadpad. Kung hindi pa nagkataong nakita siya ng isang kakilala nila pareho ni Aldwin ay hindi niya mababalitaan ang tungkol sa aksidente na naging sanhi ng kamatayan ng kapatid. Hindi siya nag-aksaya ng panahon na tawagan si Marilyn upang kumpirmahin ang balita—at totoo nga, wala na ang asawa nito.

Hinayaan niyang dumaloy ang isang butil ng luha sa kanyang pisngi sa isang tahimik na pagdadalamhati para sa namayapang kapatid. Mayamaya ay pinahid niya iyon saka dahan-dahang kinuha ang envelope mula sa bulsa ng kanyang jacket at binuksan iyon. Isang nakatuping papel at dalawang sobre ang magkakasamang naka-clip doon.

Ang una ay sulat si Aldwin para sa kanya.

Napalunok si Ethan, muling napuno ang dibdib ng pangungulila para sa kapatid. Gumawa ito ng liham nang hindi alam kung paano makakarating sa kanya kaya itinago iyon sa isang ligtas na lugar. At ngayon, kung kailan wala na ito ay saka iyon napasakamay niya.

Nanginginig ang kanyang mga daliri habang hawak ang papel, sinisikap na ituon ang pansin sa liham. Ni walang petsa kung kailan iyon sinulat ni

Aldwin.

Kuya Ethan,

Kung hawak mo na ang sulat na ito, isa lang ang ibig sabihin niyon: wala na ako. Nakakalungkot isipin na sa matagal na panahon ay hindi tayo nagkita o nagkaroon ng pagkakataon na makapag-usap. Lagi ko tuloy naiisip na siguro kung hindi namatay ang Mama, hindi ka aalis.

Lagi akong bilib sa 'yo, Kuya. Sa totoo lang, naiinggit pa nga. Dahil hindi mo naramdamang kailangan mong laging sumunod sa mga gusto ng Papa at umabot sa mga pamantayan niya. Matapang ka, malakas ang loob. Alam mo kung ano ang gusto mo sa buhay. Ako, hindi ko masasabing ganoon din.

Kapag binabalikan ko ang nakalipas, saka ko nakikita ang marami nating pagkakamali. Lalo na ako. Na isa ring rason kung bakit ginawa ko ang sulat na ito.

Ilang taon na ang nakalilipas, habang inaayos ko ang ilan pang mga gamit ni Mama para itabi, may nakita akong isang lumang larawan at sulat, na nagdala sa akin sa San Rafael, Davao Del Norte,

para hanapin ang isang lalaking nagngangalang Bernardo Salazar. Natagpuan ko ang anak niya, si Levi Salazar, na inampon ng isang ranchero doon, pero ipinasya kong huminto na sa puntong iyon.

Pinagsisihan ko iyon, dahil sa paghahanap ko ay maraming bagay akong natuklasan... mga bagay na karapatan mong malaman. Pakiusap, Kuya, basahin mo ang sulat kay Mama.

Kuya, hindi doon nagtapos ang kuwento. Habang nasa San Rafael ako ay umibig ako sa isang babae, kay Arianna Villanueva. Pero kailangan ko siyang iwan dahil nakatakda na akong magpakasal noon kay Marilyn.

Pero nitong huli ay natuklasan kong nagkaroon ako ng anak na lalaki sa kanya, bagay na hindi naging biyaya sa pagsasama namin ni Marilyn.

Ni hindi ko nakita ang aking anak, Kuya Ethan, kaya nakikiusap sana ako na puntahan mo siya para sa akin. Nagsaayos din ako ng isang trust fund para sa kapakanan ng aking anak, isang maliit na paraan para humingi ng tawad sa mga pagkukulang ko sa kanila, pero kailangan din niyang makilala ang pamilya ko.

Alam ko na napakalaking bagay nitong

hinihiling ko sa iyo, pero pakisuyong ilihim mo ito, lalo na kay Papa. Ayaw kong malaman niya ang tungkol sa anak ko. Hindi ko alam ang gagawin niya kung sakali. Iwan ko na rin sa iyo ang desisyon kung paano mo ipapaalam ito kay Marilyn. Ithingi mo rin ako ng tawad sa kanya.

Isa pa, baka may mga sagot kang matutuklasan sa San Rafael. Pasensya na kung wala ako sa tabi mo para tulungan ka, pero muli, basahin mo ang sulat kay Mama.

Ang iyong kapatid,

Aldwin

Halos hindi makapaniwala si Ethan pagkatapos iyong mabasa. He was shocked, hindi maintindihan kung ano ang nadarama nang mga sandaling iyon.

Si Aldwin, may anak! Anak na pinangarap nito sa piling ng asawa, pero ngayon ay ni hindi man lamang makikita.

Nanginginig ang mga kamay na kinuha ng binata ang unang sobre. Naka-address iyon sa kanyang ina sa pangalan nito sa pagkadalaga, Evelyn Ramirez.

Binuksan niya ang sobre at tumambad sa kanyang

paningin ang isang lumang litrato ni Evelyn noong kabataan nito. Nakasuot ito ng gown, may hawak na tropeo. At sa tabi nito ay nakaakbay rito ang isang guwapong lalaki na naka-amerikana pa.

Batid niyang dating singer ang kanyang ina na nagpe-perform sa iba't ibang lugar bago ito nagpakasal at natali na sa tahanan. Pero sino ang lalaking kasama nito?

Isang sulat din ang kasama niyon.

Minamahal kong Evelyn,

I'm sorry sa nabalitaan ko. Pero sa simula pa lang ay sinabi ko na sa iyong wala akong puwedeng ibigay sa iyo kundi ilang masasayang sandali lang. Dahil kailangan ko na namang umalis. At tungkol sa bata, bahala ka na kung ano ang gusto mong gawin sa kanya. Kung natatakot ka, puwede mo siyang ipalaglag. Dahil nais ko ring sabihin sa iyo na may asawa na ako.

Patawad,

Bernardo Salazar

Bumabayo ang dibdib ni Ethan nang muli niyang basahin ang liham na iyon. At sa isang iglap ay tila nagbago ang lahat. Nakita niya ang date ng postmark, halos mahigit dalawang buwan bago siya ipinanganak.

Kung gayon ay hindi siya anak ni Arturo Soler! Kaya pala.... Ngayon ay maliwanag na kung bakit sa simula pa lang ay malamig na ang trato nito sa kanya.

Nalukot ang sulat nang kumuyom ang kamay niya.

So he was passed off from one bastard to another.

Ngayon pa lang ay may ideya na siya kung anong klaseng lalaki si Bernard Salazar, pero buo na ang desisyon niyang makaharap ito nang personal....

1

Napabuntong-hininga si Arianna nang buhayin niya ang makina ng pickup.

Napasulyap siya sa anak niyang si Brian na piniling maupo sa likurang upuan. Napakalaki ng nakasalalay sa lakad niya ngayon; posibleng ang mismong kinabukasan ng kaisa-isa niyang anak.

Sana lang ay pakinggan siya at pagbigyan ng bangko. Dahil kung hindi, hindi na alam ni Arianna kung ano pa ang gagawin sa susunod. Ni ayaw niyang isipin kung ano ang mangyayari kung mabibigo siya.

“Sigurado ka bang ayaw mong maupo dito sa harap, Brian?”

“Dito na lang po, Mommy. Para mas makapaglaro kami ni Elmo,” tukoy nito sa malaking stuffed toy na hawak. “Baka po kasi makaistorbo kami sa driving mo, Mommy.”

Tumango siya. “Okay.” Naka-seat belt naman ito kaya hindi siya gaanong nag-aalala. Sinikap niyang ituon ang pansin sa pagmamaneho bagaman lumilipad sa maraming bagay ang kanyang isipan.

Hanggang kailan niya mapananatili ang rancho sa kanyang mga kamay? Mula nang mamatay ang ama ay ginawa niya ang lahat para manatili iyon, pero hanggang saan ang magagawa niya na isang dalagang-inang abala sa pag-aaruga ng anak at may iisang katiwala na halos sesenta años na?

Nahihirapan din siyang makakuha ng ibang manggagawa sa halagang kaya niyang ipasuweldo na kung ituturing ay halos kawanggawa na. Sabihin nang free board and lodging ang alok niya, pero gayon din ang alok ng ibang farms at rancho sa paligid ng *Rancho Villanueva* at mas malaki pa ang pasahod.

Napakagat-labi si Arianna. There simply was not enough money. Ilang bagyo ang sunud-sunod na dumaan at gumawa ng malaking pinsala sa rancho. At tila paalala ng sitwasyon ni niya, nalubak ang pickup at gumiwang sila.

Gaya ng kalsadang iyon ay maraming repairs ang kailangan sa rancho. Kaya naman napakalaking bagay ang nakasalalay sa lakad niyang ito na ilang ulit na rin niyang naipagpaliban. Payments were due. Kailangang bigyan pa siya ng grace period at karagdagang loan para makapag-expand ng operation.

Then, she'd make go for it—to either make it or break it.

And she fervently hoped she'd make it. Muli siyang napasulyap sa likurang upuan, kay Brian. Apat na taong gulang na ito; at sa susunod na taon ay mag-aaral na. At ngayon pa lang ay may kumukurot na sa kanyang puso kapag naiisip niya ang mangyayari rito *kapag* nawala ang rancho sa kanila.

Bigla siyang nakarinig ng busina; at nahagip ng gilid ng kanyang paningin ang isang motorsiklo. Humaginit iyon sa gilid ng pickup, pagkatapos ay nakarinig siya ng tunog ng pagbangga sa likuran niya.

Kagyat napaapak sa preno si Arianna upang ihinto ang sasakyan sa tabing-daan. Na-realize niyang na nasa maling lane siya. Diyata't nakadisgrasya pa yata siya!

“A-ano po 'yon, Mommy?” nagtataakang tanong ni Brian na pilit nililingon ang nasa likuran.

“Titingnan ko nga, eh,” aniyang sinisikap manatiling kalmado. “Dito ka lang, okay?” Pagkasabi niyon ay dali-dali siyang bumaba ng sasakyan, kumakabog ang dibdib sa matinding pag-aalala.

Nakita niya ang isang lalaking naka-helmet na dahan-dahang tumatayo. Sa di-kalayuan ilang metro

mula rito ay isang motorsiklo na nakatumba sa ilalim ng isang malaking punong-kahoy.

“M-Mister, huwag ka munang kumilos!” bulalas ni Arianna habang mabilis na lumalapit. “B-baka may nabali kang buto.”

Umiling ito. “Kung bumangga siguro ako sa puno kasama ng motorsiklo ko, malamang nabalian ako ng buto,” anito na nagpatuloy lang sa pagtayo saka dinampot ang isang mahabang maong na duffel bag. “Mabuti at nakatalon ako.” Tinitigan siya ng estranghero. “Ikaw ba’yung driver ng pickup na naka-counterflow?”

Guilty na tumango ang dalaga. “Oo. And I’m very sorry. Hindi ko kasi inaasahan na may masasalubong ako. Mula nang mabuksan ang bagong highway ay halos wala nang dumaraan dito maliban kung pupunta sila sa *Rancho Villanueva*.”

“Doon nga ako papunta,” anito na nagsimulang mag-alis ng helmet. “Dahil may sadya ako kay Arianna Villanueva.”

Napalunok siya. “A-ako si Arianna Villanueva.” Sino ang lalaking ito? Aplikante ba? “Pero kailangan muna nating tiyakin ang kalagayan mo,” mabilis niyang dugtong. “Mahirap na. Sigurado ka bang okay

ka lang? Teka, imamaniobra ko lang 'yung pickup para maisakay ka at madala ka sa bahay.”

Tumango ang lalaki. “Papaano itong motor ko?”

“Ako na ang bahala diyan,” aniyang wala nang magawa. Ipinagpapasalamat na lamang niyang motorsiklo ang napinsala at hindi ang lalaki. “Ipapadala ko na lang sa talyer para maayos. Sandali lang, hintayin mo ako.”

Minasdan ni Ethan ang pagtalikod ni Arianna para bumalik sa pickup nito. Masakit ang ulo niya bagaman nakaiwas siya sa mas malaking disgrasya.

Nagulat siya nang pagliko niya ay isang pickup ang kanyang kasalubong kaya mabilis niyang kinabig ang manibela. Nag-skid ang motorsiklo, at kung hindi siya nakatalon ay kasama siyang sumalpok sa puno.

He landed hard, yet he rolled with the fall para mabawasan ang impact. Wala naman siyang maramdamang ibang masakit, kahit batid niyang may mga gasgas din siya at nabugbog ang ilang bahagi ng kanyang katawan. At kung hindi dahil sa helmet at makapal na leather jacket ay baka mas malala ang naging injuries niya.

Napailing si Ethan. What a freak accident! Hindi niya inaasahan na ganoon ang mangyayari sa una nilang pagkikita ni Arianna. Kakausapin lang niya ito sandali, ipapaliwanag ang kanyang pakay, at aalis na. Pero sa pagkasira ng motorsiklo niya...

Napailing ang binata. Baka tumagal pa siya rito sa San Rafael nang ilang araw nang higit kaysa inaasahan niya. Kailangan sana niyang bumalik ng Manila dahil nasa kasagsagan sila ng isang project.

Mabuti na lamang at napakiusapan niya si Dominic Marquez, kapwa engineer at may-ari ng construction firm, na kumuha muna ng ibang tao na papalit sa kanya habang inaasikaso niya ang ilang personal na bagay.

Huminto na sa tapat niya ang pickup at bumukas ang pinto sa front passenger seat. Walang salitang pumasok siya roon at naupo sa tabi ni Arianna. Napansin niya ang maliit na batang lalaki sa likurang upuan, namimilog ang mga mata nitong nakatitig sa kanya.

“Kayo po ba ’yung muntik nang masagasaan ni Mommy?” inosente nitong tanong.

Kumabog kaagad ang dibdib ng binata, pero sinikap niyang ngumiti. “Ako nga. Ako si Ethan.”

Inialok niya ang kamay rito. “At ikaw, ano ang pangalan mo?”

Nakipagkamay naman ito sa kanya. “Brian po. At four years old na po ako.” Sa kabilang kamay ay itinaas nito ang apat na maliliit na daliri.

“Uuwi muna tayo, anak, at titingnan natin kung nasaktan si Mang Ethan,” sabad ni Arianna. Sinimulan niyang baybayin ang daan pabalik sa bahay. “Saka na tayo pupunta ng bayan.”

Ilang sandali pa ay huminto na sila sa harap ng isang may dalawang palapag na bahay. Luma na iyon; unang tingin pa lang ay batid ni Ethan na kailangan ng repairs. Pumasok sila sa loob at pinaupo siya nito sa sofa.

May kinausap muna ang dalaga sa cellphone bago ibinalik ang pansin sa kanya. “Tinawagan ko na si Dr. Miranda, ’yung doktor sa health center namin dito para matingnan ka. Makakapunta raw siya dahil wala namang pasyente.”

“It’s okay.” Hindi niya maiwasang pagmasdan si Arianna. No wonder at na-in love dito ang kanyang kapatid. Maganda ito, itim ang nangungusap na mga mata, may malalantik na pilik, perpekto ang pagkakaarko ng mga kilay.

Katamtaman ang tangos ng ilong nito, makipot ang mapupulang labi, mamula-mula ang makikinis na pisngi. Mahaba ang tuwid nitong buhok na itim na itim din. Mala-sutla ang kutis ng babae. And there was something else.

Her aura was a unique combination of innocence, femininity, confidence, and determination. She was one proud woman, tiyak ni Ethan.

“Ano ba ang masakit sa iyo?” tanong ni Arianna na pumukaw sa kanya mula sa pag-iisip.

“W-wala naman. Iyong ulo ko lang... masakit nang kaunti saka ’tong kanang balikat.”

“Gusto ko sanang kapa-kapain ang dibdib mo kung may nabali kang tadyang o nalinsad na buto. Kung huhubarin mo sana iyang jacket at t-shirt mo...”

Hindi kaagad siya nakasagot, pero naroon ang sinseridad sa mga matang iyon. Hinubad ni Ethan ang kanyang jacket at t-shirt. Tumambad ang matipuno niyang dibdib. Hindi naman nag-aksaya ng oras si Arianna sa pag-e-examine sa kanya.

He fel a jolt of electricity sa bawat pagsayad ng kamay nito sa kanyang balat. She had soft yet firm hands, na alam kung ano ang gagawin. At hindi niya maiwasang malanghap ang banayad nitong

pabango—a mixture of lemon and lavender. And did something crazy to his senses.

“Dito ba ang masakit?” mahinang tanong ng dalaga habang tinitingnan ang kanang balikat niya. “Medyo nangitim dito, baka nabugbog. Sandali at kukuha lang ako ng mainit na tubig para mapunasan ang balikat mo.”

Hindi niya maiwasang ihatid ng tingin si Arianna habang naglalakad ito papunta sa kusina. Maganda ang tindig nito, at hindi halata sa katawan na minsan ay nagbuntis na ito at nanganak.

Lumipat ang tingin niya kay Brian. Nakaupo ito sa isang silya at titig na titig sa kanya na animo namamangha na naroon siya. Mayamaya ay ngumiti ito.

Minsan pa, lumakas ang kabog ng kanyang dibdib. Si Brian, ang pamangkin niya—anak ng kanyang kapatid, dugo ng kanyang dugo, laman ng kanyang laman....

“Hello...” nakangiti niyang sabi. “Pasensya ka na at hindi natuloy ang lakad ninyo ng mommy mo.”

“Oo nga po. Magpapabili po sana ako ng ice cream pero okay lang po. Sa susunod na lang po,” nakangiti ring tugon nito. “Magtatrabaho po ba kayo

rito kaya kayo nandito? Kailangang-kailangan kasi ni Mommy ng trabahador dahil nahihirapan na po si Tatang Domeng sa mga gawain dito sa rancho. Ako naman, maliit pa kaya ayaw nila akong payagan na tumulong.”

Napangiti si Ethan. Bibo ang bata, matalino. At kahawig na kahawig ni Aldwin. Para niyang nakikita ang maliit na version ng kapatid. “So, problema ni Mommy ang mga trabahador dito?”

“Mababa raw po kasi ang sahod, eh. Pero libre naman sila sa lahat, lalo sa pagkain. At napakasarap pong magluto ni Mommy!” pagmamalaki ng paslit.

“Talaga?” amused niyang tanong, “Kaya pala mukhang napaka-healthy mo at matalino. Siguradong lalaki kang malakas at matangkad kung lagi kang maganang kumain.”

“Opo, tama po kayo. Next year nga po ay papasok na ako sa school. Pero ngayon pa lang ay marunong na po akong magbasa. Gusto n’yo babasahan ko po kayo?”

Natawa lamang si Ethan bilang tugon. Ang totoo, gusto niyang kandungin ang bata, yakapin ito. Pero siyempre ay hindi niya magawa.

Sa puntong iyon ay bumalik na si Arianna, dala

ang isang palangganita ng maligamgam na tubig at tuwalya.

“Pupunasan ko muna ang pasa mo at pagkatapos, iyang mga gasgas mo naman ang aasikasuhin ko. Naririto na si Dr. Miranda mayamaya.” Ibinaba nito ang palangganita sa munting lamesa at ilang sandali pa ay pinupunasan na nito ang kanang balikat niya.

“Salamat.” Kahit tinig ng dalaga ay masarap pakinggan. Hindi tuloy malaman ni Ethan kung paano niya sisimulang sabihin ang kanyang pakay.

Minsan pa ay bumukas ang pinto ang isang may-edad na lalaki ang iniluwa niyon. “Nakauwi ka na agad galing sa bang—o, sino naman ’yang bisita mo?” kunot-noo nitong tanong pagkakita sa kanya, nasa mga mata ang pag-aalinlangan lalo at wala siyang pang-itaas.

“Ah, Mang Domeng, kayo pala. Siya po si Ethan. Muntik ko na ho siyang masagasaan kanina. Nandoon pa nga ho ’yung motorsiklo niya, nakasadsad pa sa puno malapit sa mag-asawang balete.” Napailing ito. “Puwede n’yo po bang ipakuha iyon sa talyer para maipaayos?”

Tila alanganing tumango si Mang Domeng, napakamot sa baba. “Muntik mong masagasaan ang

lalaking ito? Bakit, saan ba siya papunta?”

“Dito ho. Ako raw ang sadya niya.”

Muling tumingin sa kanya ang matanda saka napangiti. “Aba’y... kailangang-kailangan nga namin ng trabahador, Ethan. Kahit ikaw lang ay malaking tulong na.”

Nagulat siya sa narinig. Nais niyang tumanggi, ipaliwanag ang talagang sadya kung bakit siya naroon, pero ibang sagot ang lumabas sa kanyang bibig. “K-kung... tatanggapin ba ninyo ako.”

Pagkatapos maghapunan, dumerecho si Arianna sa maliit nilang library na nagsisilbi rin niyang opisina. Napabuntong-hiinga siya. Ibang klase ang kinalabasan ng araw na iyon.

Hindi na niya nakausap ang bangko, nakadisgrasya pa siya! Nagpapasalamat ang dalaga na walang injury si Ethan, ayon na rin kay Dr. Miranda. Nang dumating ito ay kaagad nitong ineksamin ang lalaki. Nagreseta lamang ito ng painkiller.

Bago sila kumain ng hapunan ay wala na rin ang sakit ng ulo nito. Kung normal lang ang sitwasyon, makakaalis na sana ito. Pero dahil sa freak accident

na nangyari kanina, nasa talyer ang motorsiklo nito at wala siyang ideya kung gaano katagal bago iyon magawa.

Wala siyang magawa kundi patuluyin muna si Ethan. Ayon dito ay kararating lamang nito sa San Rafael noong isang araw at nagpalipas lang ito ng gabi sa isang simpleng tuluyan.

Marahil ay naghahanap talaga ito ng trabaho. Maaaring may nakapagsabing subukan nito sa *Rancho Villanueva*. At ngayong wala itong motorsiklo na magagamit sa pag-iikot, wala na rin itong choice kundi subukan muna ang trabaho sa kanyang rancho.

Pansamantala.

Isa itong lagalag, alam niya. A drifter. Gaya ng marami sa lugar na iyon na mula sa ibang lugar at tila hinahanap ang kanilang kapalaran sa San Rafael. Ang ilan ay nanatili—ang ilan ay nagpatuloy sa paghahanap sa ibang lugar.

Kung hindi dahil kay Mang Domeng ay mag-aatubili siyang tanggapin ang hindi taga-roon. But then again, beggars can't be choosers....

Bumuntong-hininga si Arianna, lumabas ng library at bumalik sa sala. Natigilan siya sa naabutang eksena roon—si Brian, nakakandong kay Ethan,

habang sabay na nagbabasa ng isang aklat ang dalawa.

May kung anong kumurot sa puso ng dalaga sa eksenang iyon. It was a perfect sight—father and son. Pero iyon ang isang bagay na hindi niya kayang ibigay sa anak—isang ama.

Panabay na nag-angat ng mukha ang dalawa at ngumiti sa kanya. “Mommy, ang husay magbasa ni Tito Ethan!” masiglang bulalas ni Brian. “Nakakatuwa siyang magkuwento, talaga po!”

Nginitian niya ang anak. “Talaga? That’s good. Kaya lang oras na para matulog, anak. Sige na, umakyat ka na sa silid mo at mamaya ay susunod na ako, okay?”

“Ay, opo nga pala,” ani Brian. Mabilis nitong isinara ang aklat at umalis mula sa kandungan ni Ethan. “Sige po,” paalam nito sa huli, “see you tomorrow.”

Yumukod si Arianna para hagkan ang anak bago ito umakyat sa hagdanan.

“Pasensya ka na sa anak ko,” apologetic niyang sabi kahit nakataas ang noo. Naupo siya sa single-seater sofa. “Mula kasi nang mamatay ang lolo niya ay nasabik na siya sa... presence ng ibang tao.”

Nagkibit-balikat lang ang binata. “It’s okay. Mabait naman si Brian. Nakakatuwa siyang bata.”

“At tungkol doon sa trabaho... kung talagang seryoso kang magtrabaho dito, gusto ko lang linawin na hindi kalakihan ang pasuweldo ko rito. Pero libre sa pagkain at matutuluyan dahil may bunkhouse sa likuran nitong bahay.”

Napatitig ang binata sa kanya. “Sinasabi mo bang tinatanggap mo na ako? Ang totoo’y wala akong masyadong karanasan sa mga gawain sa isang rancho tulad nito dahil mas madalas akong nagtatrabaho sa construction. Pero hindi ako namimili ng gagawin at handa akong matuto.”

Construction? Wala sa hitsura ng kaharap na piyon ito, pero pinili niyang huwag nang magtanong pa ng personal na bagay. Tatal, hindi naman ito magtatagal doon. Marahan siyang tumango. “Okay..” anas niya.

Ngumiti ito; a lopsided grin. “Thank you.”

Sumikdo ang kanyang puso sa ngiti ni Ethan at sa klase ng pagkakatingin nito sa kanya. “Huwag ka munang magpasalamat. Dito kasi alas cinco y media ang simula ng araw, alas seis y media ang almusal, at alas siete ay dapat humahayo na kayo ni Tatang

Domeng. At karaniwang gabi na natatapos ang trabaho. Sa palagay mo kaya, kakayanin mo iyon?”

Tumayo ito at hindi inaalis ang mga mata sa kanya na sumagot. “Sa palagay ko naman ay kakayanin ko, Arianna.”

Hindi niya alam kung bakit biglang nanuyo ang kanyang lalamunan anupa’t kinailangan niyang lumunok. “Okay. Hindi ka siguro mahihirapang hanapin ’yung bunkhouse sa likod. Mga ilang metro lang ang layo niyon. I’m sure... gusto mo nang magpahinga, Mr...” Ano nga ba ang apelyido nito?

“Ramirez. Ethan Ramirez.”

2

Hindi naman nahirapan si Ethan na hanapin ang bunkhouse. Pagpasok doon ay inihagis niya ang kanyang duffel bag sa ibabaw ng isang kama roon.

May kalakihan ang bunkhouse; may banyo, maliit na kusinang may kalan at lababo, isang mahabang mesa, ilang upuan, aparador, at tatlong double deck na may maninipis na mattresses.

Tila matagal nang hindi nagagamit ang mga iyon dahil ayon kay Mang Domeng ay may sarili itong inuuwian. Kung ganoon ay solo niya ang bunkhouse na iyon.

Napapailing pa rin ang binata sa nangyari. Bakit ipinasya niyang manatili sa *Rancho Villanueva*?

Dahil kay Brian, mabilis na tugon ng isipan niya. Iyon lang ang puwede niyang isagot, hindi ba? Na nais muna niyang makapalagayan ito ng loob. Na gusto muna niyang makita ang sitwasyon ng mag-ina.

At sa likod ng kanyang isipan ay batid niyang may iba pang rason. At aminado siyang may kinalaman doon si Arianna. Hindi niya alam kung bakit, pero may napukaw ito sa kanya na hindi siya sigurado

kung ano.

Interes? Chivalry dahil obvious na nangangailangan ito ng tulong? O curious siyang mas makilala pa nang higit ang babaeng minahal ng kapatid kahit nakatakda na itong ikasal noon?

Siguro nga. Kung gayon ay mananatili siya roon ng mga ilang araw lang, pagkatapos ay ibibigay na niya ang trust fund at babalik na sa Manila. Marami pang trabahong naghihintay sa kanya roon; at hindi rin siya puwedeng magtagal na wala sa site.

He loved his job. At kahit isa siyang engineer ay hindi siya kontento na basta nasa drawing boards lang. He loved working with his hands at hindi niya maiwasang magtrabaho kasama ng mga piyon kung may pagkakataon din lang, pero hindi sa concrete works kundi sa woodworks. He loved carpentry. At natutuwa siyang nagagamit niya iyon sa mismong trabaho niya.

He was a self-made man. Nasa huling taon na siya ng pag-aaral nang mamatay ang kanyang ina kaya sandali lamang siyang nag-working student para makatapos.

Afterwards, he earned his own money, bagaman sa pagkamatay ng kanyang ina ay may ipinamana ito

sa kanya na malaking halaga. At iyon ang laman ng huling sobre na kasama ng sobrenang ibinigay sa kanya ni Marilyn, ang kopya ng testamento ng nasirang ina.

Halos nawaglit na iyon sa kanyang isipan sa tagal ng panahon at noong una ay wala siyang gaanong interes doon dahil na rin sa animosidad sa pagitan nilang 'mag-ama.' Ayaw niyang isipin na dependent siya sa salapi ni Arturo.

Pero ngayon ay nag-iba na ang kanyang pananaw sa bagay na iyon. Ngayon ay tanggap niyang karapatan niya iyon bilang anak ni Evelyn Ramirez. Tatal ay galing naman ang halagang iyon sa conjugal property ng mag-asawa, bukod pa sa sariling salapi ng kanyang ina.

Pero nakakapagtakang mayroong kondisyon sa testamento. Umamano ay hindi niya makukuha ang kanyang mana hangga't hindi siya umaabot sa edad na treinta y cinco o kung mag-aasawa na siya.

Duda siyang mangyayari ang huli. Masaya siya sa buhay na mag-isa. At treinta y tres años na siya ngayon. Hindi na magtatagal ay makukuha na niya ang salaping iyon at puwede na siyang makisosyo sa kaibigan.

Willing na magbenta si Dominic sa kanya ng

stocks para maging kasosyo siya. Matandang binata ito, fifty-five years old na at walang anak. Buong buhay nito ay itinuon sa pagiging engineer at sa construction business. The same passion ran through his veins.

Binuksan ni Ethan ang aparador para kumuha ng mga gamit sa pagtulog. Wala. Sa puntong iyon ay may kumatok sa pinto ng bunkhouse bago iyon bumukas. Iniluwa niyon si Arianna, dala ang isang unan at ilang nakatuping sheets.

“Pasensya ka na at ngayon ko lang nadala ang mga ito. Hindi ko kasi iniiwan dito dahil sa tangà. Sandali at aayusin ko lang itong tutulugan mo.” Ipinatong nito ang dala sa mesa, kinuha ang kubrekama at sinimulang ayusin ang isa sa mga kama roon.

“Ako na,” aniya. “Kaya ko nang gawin iyan.”

“It’s okay,” anitong hindi tumigil sa ginagawa. “May tuwalya rin diyan.” Habang patuloy sa pag-aayos ng kubrekama ay napatingin ito sa kanya. “Hindi ko alam kung mapagtitiyagaan mo kami rito. Malamang, kung hindi ko nadisgrasya ’yung motorsiklo mo, may iba ka pang pupuntahan.”

“Gusto mo na yata akong sisantehin ngayon pa lang,” mahina niyang pagbibiro.

Napailing ang dalaga, mapait ang ngiti sa mga labi. “Kailangang-kailangan namin ng tao. Ang inaalala ko lang ay... siguradong di ka matutuwa sa kaya kong ipasahod.”

“Huwag na muna nating pag-usapan ’yan.” Hindi niya maunawaan kung bakit para siyang nasasaktan sa lungkot na nakikita niya sa anyo ni Arianna. Tila nais niyang burahin iyon, palisin, sa anumang paraang magagawa niya. “Gaano ba kalaki ang *Rancho Villanueva*?”

“Malaki rin. Sapat para sa operation ng isang tipikal na rancho. Kaya lang, may mga nangyari noon—bagyo at mahabang tag-araw—kaya naapektuhan ang mga pananim. Hanggang ngayon ay hindi pa kami gaanong nakakabawi kahit pagkatapos ng nakaraang benta.”

“Mukhang medyo mahirap ngayon ang sitwasyon ninyo ni Brian,” concerned na anas ni Ethan.

Nagkibit-balikat ang kausap. “Ganoon naman talaga ang buhay ng mga rancho rito. Alin sa dalawa, pista o taggutom.”

“Kung ganoon, bakit nananatili ka rito?”

Bumuntong-hininga si Arianna. “Ito lang kasi ang alam kong buhay. Hindi ko alam kung kaya kong

mabuhay halimbawa sa... siyudad.” Tunitig ito sa kanya. “Ikaw?”

Those eyes were mesmerizing. Nagkibit-balikat siya. “Kung saan-saan na ako napadpad. Mapa-siyudad o probinsya. Gaya ng nasabi ko na, nagtatrabaho ako sa construction.”

Bahagya itong natahimik bago nagsalita. “Pero hindi construction ang trabaho rito kundi pagrarancho.”

“Na handa kong matutunan. Kung kailangan ng repairs. doon mo ako maasahan. At hindi ako reklamador sa mabigat na trabaho.”

Napangiti ang babae habang marahang umiiling. Duda ba ito sa kakayahan niya? Pero puwede niyang palagpasin iyon. He was beginning to love that smile.

Naglakad na si Arianna patungo sa pinto. “Mabuti pa ay iwan na kita. Alam kong pagod ka... at maaga ang simula ng araw natin bukas.”

“Okay,” marahan niyang tugon habang nakatitig dito.

Sandali din siyang tinitigan nito bago tumalikod at umalis sa bunkhouse. Napabuntong-hininga si Ethan. He suddenly felt alone.

At nakakapagtaka iyon dahil sanay siyang mag-isa.

Minabuti niyang mahiga na. Baka kailangan niyang magpahinga at ng panahon para makapag-isip....

Hindi maunawaan ni Arianna ang nadaramang kahungkagan habang papalayo sa bunkhouse. Para bang gusto niyang bumalik para makasamang muli si Ethan.

Bakit? Dahil ba sa sabik siya sa ibang company; araw-araw na lamang ay sina Brian at Mang Domeng ang kausap niya? Siguro. But there was something else.

Hindi lang niya matiyak o maamin kung ano iyon. Dahil ba sa makisig ang binata? Dahil ba tila kay sarap masdan ng guwapo nitong mukha, magagandang mata, makakapal na kilay, matangos na ilong at mapupulang sensuwal na labi?

Napailing ang dalaga sa itinatakbo ng isipan, pilit na pinapalis iyon. *Danger* was written all over the man—the sexy grin, his stance, the way he looked at her. Isa pa, sa ibang lugar ang talagang tahanan nito, at baka may kung sinong babaeng naghihintay

sa pagbabalik nito.

Ni hindi alam ni Arianna kung ano talaga ang pakay nito sa San Rafael. Siguro nga ay wala talaga itong alam sa mga gawain sa rancho, na sandaling panahon lamang ito mananatili roon para tumulong kay Mang Domeng..

He was a drifter. At kung naging maingat lamang siya noon, hindi sana nadurog ang kanyang puso sa isang lalaki na sandaling panahon lang naging bahagi ng buhay niya.

Twenty-two years old si Arianna noon, halos walang pakialam sa mga lalaki at hindi alam kung ano ang pag-ibig. Hanggang sa makilala niya si Aldwin Soler, isang guwapong lalaki na napadpad sa rancho sa pagtatanong ng direksyon.

Ibinigay nito ang atensyon na pinanabikan niya, pero sa bandang huli ay umalis din ito at iniwan siya. Wala itong pakialam kung sa mga kamay man nito nawala ang pagiging inosente niya. Pero isang regalo ang iniwan ng lalaki sa kanya—si Brian.

Dahil sa anak ay hindi niya pinagsisihan ang anumang pagkakamaling nagawa niya noon.

Malaki rin ang naging tulong ng kanyang ama. Hindi siya nito hinusgahan nang malaman nito na

nagdadalang-tao siya. Sinuportahan lang siya ng ginoo at inalalayan dahil na rin sa natanggap niyang panghuhusga mula sa ibang tao.

At minahal nito nang lubos ang kanyang anak.

Nakakalungkot na pumasan sila ng malaking pagkakautang nang nagkaroon siya ng komplikasyon sa pagbubuntis. Nadamay ang pondo para sa rancho.

Ang pinakahuling dagok na dumating sa kanya ay nang mamatay ang kanyang ama sa sakit dalawang taon na ang nakakalipas. Naiwan siyang mag-isa para arugain ang anak at patakbuhan ang rancho.

Isa-isang nag-alisan ang mga tao nila na naglipatan sa ibang rancho dahil nahihirapan na siyang magpasuweldo nang maayos. Hanggang si Mang Domeng na lamang ang natira. At habang dumaraan ang mga araw ay hindi na niya natitiyak kung hanggang kailan mananatiling pag-aari ng isang Villanueva ang lupaing iyon.

Naka-mortgage ang rancho at malapit na ang petsa ng pagbabayad. Pero hindi siya basta papayag na mawala iyon sa kanya. Gagawin niya ang lahat para mapanatiling sa kanila ang rancho na iyon.

Naghahanda ng almusal si Arianna kinabukasan nang bumukas ang pinto ng kusina at pumasok si Mang Domeng, kasunod si Ethan. Wala pang alas siete ng umaga, pero sa hitsura ng mga ito ay tila ilang oras nang nagtatrabaho.

“Naku! Siguradong gutom na kayo,” anang dalaga, pinaglalaman ang kagustuhan ng mga mata niyang masdan ang bagong trabahador. “Sige, maupo na kayo.”

“K’ain na po tayo,” ani Brian. “Masarap po itong sinangag ni Mommy, saka ito pong fried chicken.”

Ginulu-gulo pa ni Mang Domeng ang buhok ng paslit bago naupo. “Lagi namang masarap ang luto ng mommy mo, eh.” Nginitian nito ang dalaga. “Napasubo agad itong si Ethan sa trabaho. Aba’y madilim pa, eh, abala na kami.” Tumawa ito. “Ewan ko lang kung mamaya ay makakatayo pa ito nang derecho. Ginutom tuloy kami,”

Tinawanan lang iyon ni Ethan na naupo na rin.

Ipinagsalin niya ng kape ang dalawang trabahador. “Kayo na ang bahalang maglagay ng asukal at creamer. At mayroon pang kape sa takure kung gusto pa ninyo.”

“Gustung-gusto ko ang kape ni Arianna, binusang

bigas. Hindi nakakanerbyos, pero mapapahiya ang kapeng barako,” nagmamalaki pang sabi ni Mang Domeng bago humigop ng kape saka tumingin sa binata. “Sa sarap magluto nitong si Arianna, pagkain pa lang ay sulit na ang pagtatrabaho ko rito. Lalo pag natikman mo ’yung luto niyang sinampalukang manok,” patuloy nito.

Humigop ng kape si Ethan saka nginition siya. “Masarap nga.” Napasipol pa ito. “Ngayon lang ako nakatikim ng ganitong klase ng kape. Mukhang nakakawili ngang kumain dito.”

Napangiti si Arianna sa binata. Kay sarap pakinggan ng compliment na iyon mula sa mga labi nito. Lihim siyang napailing. She’d better watch herself....

Hawak ang martilyo ay maingat na ipinapako ni Ethan ang bahaging iyon ng kuwadra. Maraming dapat kumpunihin doon dahil ilang kahoy sa bahagi niyon ang nabubulok na. At nakakapanghinayang na dalawa na lamang ang natitirang kabayo roon.

Ayon kay Mang Domeng, noong buhay pa ang ama ni Arianna ay puno ng mga kabayo ang kuwadra. Pero ngayon, pati mga baka ay patuloy

pang kumakaunti.

Paggising pa lamang niya ay iyon na ang ipinagawa sa kanya ni Mang Domeng habang ang koral naman sa kabilang bahagi ng rancho ang pinagkaabalahan nito.

Napag-isip-isip ni Ethan na mas mainam siguro kung hindi siya aabutin ng isang linggo roon. Kinakabahan siya sa itinatakbo ng isip niya pagdating kay Arianna. He felt some sort of stirring inside of him kapag nakikita niya ito.

His pretty boss was... trouble.

“Ano po’ng ginagawa ninyo?”

Bumaling siya sa may-ari ng maliit na tinig. Nakita niya si Brian, hila nito ang tali ng isang puting aso. Nginitian niya ang pamangkin. “Pinapalitan ko itong ilang nabubulok nang kahoy dito. Para mas maganda ang bahay ng mga kabayo ninyo rito.”

Napakamot ito ng ulo. “Ang laki-laki nitong kuwadra, pero dalawang kabayo lang ang nakatira dito, si Negro saka si Mulato.”

Napangiti siya sa mga pangalan ng mga kabayong nakatali sa di-kalayuan at nanginginain ng damo.

“Kayo po, may kabayo rin po ba kayo?” magalang

nitong tanong.

Umiling ang binata. “Wala. Mahirap kasing mag-alaga ng kabayo sa Manila. Saka sa iba’t ibang lugar ako napupunta,” nakangiting tugon ni Ethan.

“Pareho po pala tayo. Ako rin, walang kabayo. Bata pa raw kasi ako. Pero siyempre, gusto ko rin pong magkaroon ng sarili kong kabayo. ‘Yung ako ang mag-aalaga. Marunong po ba kayong mangabayo?”

Tumango siya. “Naranasan ko nang mangabayo noong nagpunta ako sa Baguio saka noong may project kami sa Masbate. Pero matagal na iyon. Maninibago siguro ako kung sasakay uli ako.”

“Hmm... malamang na si Mulato po ang ipagamit sa inyo. Mabait po siya saka madaling sakyan.” Sandaling tumahimik si Brian at tumalungko sa kanyang tabi. “Marunong po akong gumamit ng martilyo, tinuruan po ako ni Tatang Domeng dati. Puwede ko po ba kayong tulungan dito?”

Napakamot si Ethan sa baba. “Well... siguro nga ay puwede mo akong tulungan kahit tagaabot ng mga pako o pliers. Pero kailangan nating magpaalam sa mommy mo.”

“Naku! Umalis po sandali si Mommy. Pero puwede po tayo magpaalam kay Tatang Domeng.”

“Sige, tingnan natin kung papayag siya.”

“Yes!” masaya nitong sabi. Mabilis itong tumayo at halos patakpong tinungo ang koral kung saan naroroon ang matanda. Tumayo rin si Ethan saka sumunod dito at naabutan niyang magkausap na ang dalawa. Natatawa siya sa reaksiyon ni Mang Domeng habang kinukumbinsi ito ni Brian na pumayag sa nais mangyari ng bata.

Napatingin sa kanya ang matanda na tila hinihingi ang kanyang opinyon. Nagkibit-balikat lang siya, tumango naman ito. Ilang sandali pa ay masaya nang tumatakbo pabalik sa kanya ang pamangkin.

“Alright! Pinayagan po ako ni Tatang Domeng!”

Sa sumunod na dalawang oras ay naging assistant nga niya si Brian. At wala itong tigil sa pagkukuwento ng kung anu-ano. At nalilibang naman ang binata. Hanggang sa dumako ang paksa sa isang paborito nitong bahagi ng rancho.

“Talon? May talon dito?” nasorpresang tanong ng binata.

“Opo. Pero malayo kasi. Banda roon po, sa *Rancho Real* po.” Nagturo ito kung saan. “Maganda po roon, maraming puno at may malaking ilog at malalaki pong bato. Pero hati raw po doon si Mommy

saka sina Mr. Real, 'yun pong may-ari ng *Rancho Real*. Boundary raw po kasi 'yung ilog.”

Napatango si Ethan.

“Gusto nga po nilang bilhin iyon kay Mommy kasi magtatayo raw po sila ng *lesort*. Ano po ba 'yung *lesort*?”

“Baka resort,” pagtutuwid niya, kumunot ang noo sa narinig. “Paliguan iyon ng mga tao. Pero... ano'ng s'abi ni Mommy mo?”

Umiling ang paslit. “Ayaw po niya. Magiging akin daw po kasi itong rancho paglaki ko.”

“Mabait ba 'yung si Mr. Real?”

Nagkibit-balikat ito. “Ewan ko po. Pero 'yung anak-anakan niya, masungit. Sabi ni Tata Domeng, iyon daw po ang talagang gustong bumili ng lupa kay Mommy.”

“At sino itong masungit na anak-anakan ni Mr. Real?”

“Si Mang Levi po.”

Levi. Diyata't ito ang taong pakay niya. Bahagyang nagtagis ang mga bagang ni Ethan. Alam niyang sa lalong madaling panahon ay kailangan niyang

In Love With A Drifter - Jean McRae

harapin ang lalaki. Ito ang susi para makilala niya ang kanyang pinagmulan....